THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE 17TH NATIONAL SCOUT JAMBOREE
BOY SCOUTS OF THE PHILIPPINES 2019 EDITION ISSUE 5 | DECEMBER 06, 2019

BOROTOY'S JAMBO JOURNAL

## AFP nagpasaya sa mga Iskawts

by Sonia D. Tejada

Nagpakitang-gilas ang Armed Forces of the Philippines Northern Luzon Command Center (AFP NLCC) matapos silang magbigay aliw sa 17th National Scout Jamboree sa pamamagitan ng kanilang makapigil hiningang sky diving nang may pagbati sa mga delegado.

"Masaya kasi, maraming batang nandito at sana sa kaunting paraan na ganito ay mapasaya namin sila [mga Iskawts]," saad ni Master Sgt. Ronaldo Aguinaldo sa isang panayam ukol sa kaniyang naramdaman matapos ang palabas.

Sa isang hiwalay na panayam kay Majalia Dolandolan-Dial, Tourism Head ng Botolan, ang nasabing pagbati ay naganap dahil na rin sa ito ay ang pinaka malaking 'All-Filipino' Jamboree sa kasaysayan ng Boy Scout sa buong Pilipinas.

Ang naging pagbati ay nilahukan ng pitong sundalo ng AFP NLCC.



# RESURGENCE OF THE PAST

## Scouts introduced to 'Laro ng Lahi'

by Ginalyn F. Edpalin

A revival of Filipino culture.

This coincides the aim of the conduct of Laro ng Lahi activities during the weeklong National Scout Jamboree held at Camp Kainomayan, Botolan, Zambales.

"Binabalik lang natin, kasi binibigyan natin ng pagkakataon ang mga bata na maranasan ang mga naranasan natin noon," Ronald Devera of Manila council said, explaining that it's the best way youths nowadays would be able to appreciate culture in the midst of technological age.

Devera also added that the activity was just a way for BSP to make the youths be aware of what were done before that tend to be extinct, since young people are no longer exposed to it.

With its inclusion to the BSP activities, he also added that laro ng lahi has been a best avenue for them to develop their skills, since

RESURGENCE OF THE PAST PAGE 4

Photo by Lee John Ng

## 5k iskawts, nagtanim ng 13k mangrove

by Dan Reyven Mendigorin at Lee John Ng

"Let's plant trees and be responsible for the future," saad ni Zeon Valdez, National Coordinator for Worlds Environment Program.

Isinakatuparan ng 5,000 iskawts ng 17th National Scout Jamboree ang 13,000 mangrove tree planting sa Danacbunga, Botolan, Zambales.

"We should be vigilant in the Climate Change right now," dagdag pa ni Valdez.

Hinamon din ni Valdez ang mga iskawts na magtanim sa kani-kanilang bakuran ng maraming puno katulad ng shrubs at fruit bearing trees gaya ng kalamansi.

"We should be agents of change especially for our climate. Be like Greta Thunberg, an environmental warrior. Iyon 'yong hamon ko sa mga scouts na makapag-iwan hindi lang ng better world, but a greater world for living, as we save lives of the future," pangwakas ni Valdez.

## Catubig ng Cebu, kampeon kontra 53 Scouts sa Quiz Bee

by Joseph Clyde Famularcano

Itinanghal na kampeon si Jeshua Gary Catubig ng Cebu City Council matapos manguna laban sa 53 Senior Scouts mula sa iba't ibang council sa ginanap na Quiz Bee sa Barangay San Juan Covered Court, Dis. 6.

Samantala nasungkit naman nina Ralph Joseph Quizmorio ng Makati City Council at Sandeep Singh ng Aurora Council ang ikalawa at ikatlong pwesto.

Sina Catubig, Quizmorio at Singh ay tatanggap ng premyo na nagkakahalagang 5,000, 3,000 at 2,000 kalakip ang Sertipiko ng Pagkilala sa gaganaping Grand Campire.

Ang nasabing kompetisyon ukol sa Scouting History ay pinangunahan ni Paz Monreal, Program and Ceremonies Coordinator.

" Masaya ako dahil ako ang nanalo at nagpapasalamat ako kay Lord kasi ginabayan niya ako," pangwakas ni Catubig.





MEA CULPA MOTHER EARTH. RMC Scouts exert holistic effort to take care of the environment. (JUSTER MARC ECHIPARE)

### LEARNING BY DOING

## Scouts express love of nature through arts, gardening

by Aldrin Edpalin

In line to their Module 2 Community Village (gardening and school beautification task), 17th National Jamboree Scouts were challenged to make a difference for environment.


"Nakatutuwa kasi na sa pagtutulungan namin, mapagaganda namin itong school (San Juan Integrated School), higit sa lahat nakapag bigay-alam pa kami through our paintings and gardening," Angelo Basarde, Ramon Magsaysay Council (RMC) Scout said.

In a separate interview to Wood Badge Holder (WBH) Raymund Pantua of Caloocan City Council, the activity also aims to teach the Scouts the proper way of soil cultivation, at the same time helping communities to advocate nature through wall paintings.

"The change should start to them," Pantua added.

The said activity lasted for 45 minutes.

# TUGON PARA SA MALING AKSYON



Nabalot man ng makabagong teknolohiya ang mundo, hindi ito dapat maging hadlang para mabalam ang pagdaloy nito.

Adik, diyan maihahalintulad ang mga kabataan o mas kilala bilang 'Generation Z' ngayon sa paggamit ng mga naggagandahan at napaka 'world class' na gadyet, at sa ganitong sitwasyon, napakalaki ng gampanin ng bawat Iskawts sa pag-impluwensya ng mga kabataan sa tamang paggamit at tunay na responsibilidad ng isang social media user.

Facebook, Twitter, Instagram, Youtube, Messenger, Online games, ilan lamang 'yan sa mga na kinahuhumalingan ng mga kabataan ngayon na halos hindi na makausap at dumadating na sa puntong lumiliban pa sa klase para lamang samga ganitong walang kabuluhang bagay. At yan mismo ang dapat isulong ng mga kabataang Iskawts ngayon, lalo't isa sila sa may mga kapangyarihang manghikayat sa kapwa nila upang mapangalagaan at maisagawa ang hinahangad na pagtugon sa tamang paggamit nito.

Lumipas man ang panahon, nagbago man ang mga bagay-bagay sa paligid natin ngayon pero ang tunay na Iskawt ay hindi nagpapadala sa agos at daluyong na ito.

Hindi ba natin napapansin na sa patuloy na paglobo ng ating populasyon, patuloy rin ang paglaki ng bilang ng mga gumagamit ng iba't ibang social media platforms at ang katotohanan sa likod nito ay halos kabuuang porsyento ng mga may 'accounts' ay mga kabataang wala pang masyadong sapat na kaalaman?

'One click can ruin everything', ika nga ng karamihan. Napakarami nang problema ang nakakabit sa social media sa ating pang araw-araw na buhay, at isa na rito ang cyber bullying na maaaring humantong sa suicidal thought ng mga biktima nito. Pero dahil ang Iskawting ay isang napakalawak na programa na sumasaklaw sa iba't ibang maaaring makatulong sa kapakanan ng mga Iskawts, hindi naman siguro masama kung makikinabang din ang iba sa mga kaalamang nalaman ng mga ito.

Naghahangad ang bawat isa ng tamang pagtugon sa lumalalang problema ng maling paggamit ng teknolohiya kaya mga Iskawts, halina't kumilos na.

## BOROTOYS LINGO

by Andrei Pangilinan

Iskawts, ginagamit ang mga pariralang ito sa tuwing tayo'y nangungumusta ng kapwa na kasalukuyang nasa isang sitwasyon.

**KUMUSTA KAY NA NAYI?**
*(Kamusta ka na ba?)*

**ANYAY NAY AMPANGYARI?**
*(Ano na ng nangyayari?)*

**MAHAMPAT KA NAYI?**
*(Maayos ka na ba?)*

## *Kultura, Paraan ng Pamumuhay*

*Kung mabubuhay tayo sa iisang prinsipyong tayo ay pantay-pantay, hindi na kakailanganin pang ibukod ang naiibang opinyon at ang pagtatangi sa mga kaibahang ito ay naway maging daan sa malawak na pagkakaunawaan*

JAYSON NALICAT — ILLUMINATE

Ang kabuuang pagkatao ng isang iskawt ay repleksiyon ng pinagsama-samang pangarap ng mga magulang at mga salik ng lipunan na humulma sa kakayahan nitong suriin ang tama sa mali at itaguyod ang mabuti para sa kapakanan ng nakararami.

Nilililok ang katauhang tinitingala ng madla. Isa itong paalala na ang anumang gawaing matuwid ay kinikilala bilang parte ng iyong pagkatao upang maging sapat at karapat-dapat sa tiwalang ipagkakaloob sa'yo. Anumang kabutihang ipamalas ay udyok ng kaloobang hinubog ng pamilya mula pagkabata at pinatatag ng mga pagkakataon tulad sa Iskawting. Tunay ngang sa bahay nagsisimula ang kagandahang asal na sanay pinapanday nalang sa mga susunod na yugto ng buhay ng isang kabataan. Dito pumapasok ang pansibikong obligasyon ng BSP, ang siguruhing walang kabataang mawalay sa landas ng kabutihan at tahakin ang daan upang mapagtagumpayan ang hamon ng buhay.

Sa kabuuang bilang na mahigit 25,000 delegado ng 17th Scout Jamboree ngayong taon, aasahan ng bayan na may mga punla at binhi ng bagong pag-asa ang sisibol at aangat upang ipagpatuloy ang magandang ahdikain ng Iskawting. Ito'y testimonyang magpapalaganap ng kamalayan na walang lahing pinili upang mamukod tangi at walang lipi na hindi kayang pagtagumpayan ang inaasahang kapalaran para sa kanya. Kaya't muslim ka man o kristiyano, Tausog o Samal, Igorot o lumad , maging Aeta ka pa; walng relihiyon o kulay ng balat at paniniwalang kinagisnan ang hahadlang sa pagkakataong maituwid ang kamalian ng kahapon at ipinta ang magandang bukas para sa kapwa at sa bayan.

Mabuhay ang Iskawts! Ikaw ay pinili para sa misyong itaguyod ang pagtanggap sa kinagisnang kultura ng bawat isa. Kung mabubuhay tayo sa iisang prinsipyong tayo ay pantay-pantay, hindi na kakailanganin pang ibukod ang naiibang opinyon at ang pagtatangi sa mga kaibahang ito ay naway maging daan sa malawak na pagkakaunawaan upang maramdaman na ang bawat isa ay kasapi ng isang napakalaking pamilya na may makulay na kultura at tradisyon.

Humayo ka saang panig ka man ng bansa!

BOROTOY'S Editorial Board
*Consultant:* BSP National Office / David Dominic Lanuza/ Maria Domitela Mora / Majalia Dolandolan Dial / Emily D. Mayor
*Chief Editors:* Jayson J. Nalicat / Ginalyn F. Edpalin
*News Editor:* Krizza B. Dinoso/ Jeff Aaron D. Reytomas / Juvy C. Deliquina/ Jethro Ray A.Ticong
*Feature Editor:* Marc Jay R. Duque / John Spencer D. Arlega
*Layout Artist:* Angela Kristine Q. Cabal / Randell Echon / Emmanuel F. Pangilinan
*Writers:* Roger Enciso / Fatima Edra / Juster Marc Echipare / Andrei F. Pangilinan / Ara Joy Baluyot / Dan Reyven Mendigorin / Gellen Enap / Lee John Ng / Janesa Joy Dullas / Hannah Lee Gernale / Ryan Cabusao / Jhonley Paul Quilalang / Rachel Loreign D. Panes / Marielle Castrence / Joseph Clyde Famularcano / Irish Jan Cabalar / Juliana Marie Macaalay



WITH A SMILE.Waray is known for their strong personality but Geoff Elijah L. Gepollo keeps displaying optimism despite the odds of life. (SPENCER ARLEGA)

# batang waray iskawt na tunay

by John Spencer D. Arlega

"Waray Waray hindi tatakas, Waray Waray handang matodas, Waray Waray bahala bukas, Waray Waray manigas"- ang mga lirikong ito ay mula sa katutubong awitin ni Elizabeth Ramsey, isang Waray. Ang kantang ito ang nagbigay katanyagan sa nasabing lahi, ang lahing "matatapang".

Sa isang banda, ito ay hindi lang isang kanta. Marahil binubuo ng liriko sa lapat ng ritmong bumubuhay sa tunog nito, ngunit higit pa ito sa isang awit. Ito ay pagpapakilala sa katangiang mayroon ang lahi nila.

"Handang mamatay para sa Bayan", ito ang maikling pagpapakahulugan sa kanta ni Geoff Elijah L. Gepollo, 12 taong gulang, isang Waray ng Catarman, Northern Samar. Hindi maitatangging malaki ang pagpapahalagang binibigay ng iskawt na ito sa dugong nananalaytay sa kanyang sistema.

Tulad ng lirikong nagbibigay kulay sa mensaheng nais ipabatid ng "Waray Waray", ang pagnanais ni Geoff na maipakilala ang kanyang sarili ang totoong nagtutulak sa kanya para maging matapang.

"Pagsi-save ng buhay, pagliligtas ng kasama", diretsyahang sagot ng batang Waray sa tanong ng kung anong pinakamatapang na desisiyon ang kaya niyang gawin sa gitna ng mga aktibidad sa iskawting.

"Kaming mga Waray ay handang gawin ang lahat sa abot ng aming makakaya", ito ang buong tapang niyang mensahe bilang pagpapatunay sa pinaniniwalaang "katapangan" ng nakararami sa lahing kanyang pinag-ugatan.

Mula sa mga pinaglalaban ni Geoff, hindi lang sa isip, maging sa bawat desisiyon at aksyong ginagawa, masasabing isa siyang tunay na Iskawt. Matapang, hindi dahil nakikipaglaban, matapang dahil may ipinaglalaban. Katapangang hindi napatutunayan sa pakikipagtunggalian, dahil higit na mas matapang ang paglalaan ng sarili para sa bayan at sa mga mamamayan nito na siya namang tema ng 17th National Scout Jamboree na "Saving Lives".

Sinasabing ang isang kanta ay hindi kailanman naluluma at nalilimutan ng madla. Lilipas ang panahon ngunit mananatili ang mensahe nito na nakaukit na sa bawat lirikong repleksyon ng katotohanan ng buhay. Naway gayundin ang pagtanggap at paghangang mayroon tayo sa lahing Waray, magbago man ang tunog at ritmo ng panahon, mapanatili ang "katapangan" na mayroon sila para sa bayan. Hindi matitigil, hindi matatapos, tuloy tuloy ang pagpapasa at pagpapamana sa susunod pang henerasyon hanggang sa buong Pilipinas na ang nagsasapuso nito.

# *sa silong ng* ANINO NI RAMON

by Marc Jay R. Duque and Gellen R. Enap

Lumaking may prinsipyo at mapagkumbaba. Ito ang iniwang tatak ng batang Ramon na nagamit niya upang maging mabuting ehemplo na hanggang sa ngayon ay naisasabuhay ng mga Iskawts ng Ramon Magsaysay Council.

"Umaasa tayo na ang mga virtues na ating nakita sa dating Pangulong Ramon Magsaysay ay makita rin sa ating mga Boy Scouts sa ating minamahal na lalawigan ng Zambales." pahayag ni George Acupan, Council Training Commisioner. Isang malaking karangalan na ang pangalan ng council ay nakasunod sa dating pangulo na tunay na tatak Zambales.

Makamasa. Hindi namimili ng taong pakikisamahan. Napapanatili ang maayos na ugnayan sa kapwa Iskawt.

Maaasahan. Sa lahat ng oras, bukas – palad na tumutulong sa mga nangangailangan nang walang hinihintay na anumang kapalit.

Responsable. Sa bawat gawain, makikita natin ang pagiging responsableng pinuno sa mga kapwa Iskawts. Iniisip ang kapakanan ng nakararami bago pa man ang pansarili.

Makatao. Higit sa lahat, mababakas sa kanyang pagkatao ang kagustuhang maging pantay ang lahat sa kanyang pinamumunuan.

"Nagsisimula tayo na ang ating mga Iskawts ay umuusbong at umabot sa pinakamataas na lebel, pinakamataas na rank," dagdag pa Acupan. Umaasa ang council na mula sa mga senior scouts na nasa venture ranks ay makakabuo rin ng mga aabot sa Eagle Scouts dahil tulad ni Ramon, hindi agad sumuko at patuloy na hinabol hanggang nakamit ang tagumpay.

Sa pag – usbong ng bagong henerasyon ng mga Iskawts, nawa'y maisalin ang mga pag – uugaling mayroon si Ramon Magsaysay sa mga Iskawts upang patuloy na maitaguyod ang prinsipyong pinapahalagahan ng ating dating pangulo.

## *Batang Iskawt*

*by Scout leader John Lexter R. Payumo*

*Sa dako paruon, aking natatanaw*
*Mga batang ang tindig*
*Tila puro palaban,*
*Sa lugar ng Zambales*
*Na nag-uusapan di lang sa tanawin*
*Pati na rin sa pagmamahal.*

*Mga Batang Iskawt*
*Na galing sa iba't ibang lugar,*
*May iba't ibang paniniwala pati kakayahan*
*Napagbuklod sa isang layunin*
*ang gumawa ng kasaysayan.*

*Mga batang Iskawt*
*Na tila walang kapaguran,*
*Ano mang pagsubok kayang lagpasan*
*Kaya't pagpupugay ating ialay sa mga batang iskawt*
*Na pag-asa ng bayan.*

## *The Sweet Memoirs of* CAREBI

by Lee John Ng

Not as much as it looks today, Central Azucarera Refineria of Botolan Incorporated or CAREBI was once a mighty and marvelous sugar factory that processes tons of sugar. Back in the olden days, hundreds of trucks that came from the Hacienda Luisita in Tarlac delivers tons of sugar canes that is processed to be a refined, washed or brown sugar.

Former worker in CAREBI, Juan Dela Cruz, 62 former worker of the plantation described Caribe as a wide bustling factory owned by Mr. Louis Santos. The products produced were exported not just in Zambales but reached as far as National Capital Region. It was the primary source of income of the locals of Brgy. San Juan earning 11 pesos during those times. Unfortunately, the massive exportations and productions came to an end due to bankruptcy following the explosion of Mt. Pinatubo that destroyed the beauty of the factory covering it with lahar along with its history. Years after, it lies a barren wasteland that mirrors it's closure. Ruins within

The Faces of Caribe Page 4

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE 17TH NATIONAL SCOUT JAMBOREE
BOY SCOUTS OF THE PHILIPPINES 2019 EDITION ISSUE 6 | DECEMBER 07, 2019

BOROTOY'S JAMBO JOURNAL

NEWS EXPRESS

### Botolan Mayor initiates Prayer Brigade Habit

by John Spencer Arlega

In hope of having good weather and zero casualty from disasters that may happen, Municipal Mayor Doris "Bing" Maniquiz called for a Daily Prayer Brigade Habit every 7 AM and 7 PM at Camp Kainomayan during the 17th National Scout Jamboree.

### Wood Badge Bearers convene for A Night to Remember

by Jethro Ticong, et. al.

Wood Badge bearers across the different regions of the Philippines once again reunited in one event at Camp Kainomayan, Botolan, Zambales, December 05.



TRAVERSING TIME SCHEME. The Kabyawan continues to serve as a reminder to all that present will never be without the past.(SPENCER ARLEGA)

# Kabyawan ipinakilala sa Iskawts

by Mark Ronel M. Dinoso

Bumida sa mga scouters na kalahok sa 17th National Scout Jamboree ang Kabyawan, isang tradisyunal na makina sa paggawa ng asukal, Dis. 5.

Ang mga kalahok mula Saraggani, Batanes at Ramon Magsaysay Council kasama ang Camp Chief, Mayor Doris Maniquiz-Jeresano ay sama-samang pinagsaluhan ang pulopot, kendi na gawa sa tubo na kinatas gamit ang Kabyawan na matagal nang nasa bakuran ng Camp Kainomayan.

Ayon sa mga lokal ng San Juan, Botolan kung nasaan ang ngayo'y kampo ng Jamboree, minsang naging Asukarera na kilala sa tawag na CAREBI ang barangay noong Dekada '50 at '80 kung kaya't ang Botolan ay minsang naging agrikultural na lupain ng tubo at isang munisipalidad na prodyuser ng asukal.

## Aeta scouts partake 17th NSJ

by Jethro Alop Ticong, Jhonley Paul Quilalang and Rachel Loreign Panes

Rolando Laroza, Scout Master of Palis Elementary School – Botolan, Zambales, led with pride the IPS (Indigenous People Scouts) of Botolan District from Eastern Schools as they joined the 17th National Scout Jamboree at Camp Kainomayan, Botolan, Zambales, December 06.

There were 27 Adult Leaders and 39 Scouts from joint Primary and Secondary Schools of Owaog, Poonbato, Burgos, Villar, Moraza, Belbel, Maguisguis, Cabatuan, Nacolcol and Palis.

"Equal opportunity despite race must be the leading values among the scouts-participants of Jamboree," Laroza added.

The said event became the avenue of exposure of IPs to lowland areas and acquaintance to fellow scouts.

"Siyempre dapat kung ano ang trato sa mga tao sa baba dapat ganon rin ang maramdaman nila sa taas. Mabilis silang sumunod, well-disciplined sila. Iba 'yung attachment na nararamdaman ko sa kanila at itong National Jamboree na ito ay isang paraan para maibahagi nila kung ano ang kabutihan, kung anong meron at espesyal sa mga tulad nilang indigenous," Larosa further explained.

He ended it with a remarks on his gratefulness to Mayor Bing Maniquiz who encouraged them to join the jamboree and even gave them a budget of 1200 for the food, 500 for registration and 900 pesos for their scouting uniforms.

The Sweet Memoirs of CAREBI from page 3

its wall are silently whispering about the mysteries about its yesterday, tall trees and thick bushes ruled CAREBI, hiding beneath almost all of the evidences under their dense foliage. Lately, CAREBI started to look anew for the purpose of being the main venue of the 17th National Scout Jamboree where it served as a home to over 25,000 scouts.

CAREBI is truly a fascinating and bizarre place from its past up to its present left so many milestones in history, first as a famous sugar factory that fell into the hands of despair that has risen to be a home of the scouts from the islands of Luzon, Visayas and Mindanao.

Its bitter ending now serves sweet nostalgic memories of the past that we relive today.

## *Scouting*

*by Rommel R. Quinsay*

*S- couting is for everybody*
*That lives in the community*
*To bring peace and harmony*
*To serve mankind with humility.*
*C- hallenge to be always strong and ready*
*For the sake of world's humanity*
*In responding in every emergency especially in times of calamity.*
*O-bedient for his prophecy*
*In promoting life and liberty*
*With the spirit of the love and unity*
*True friendship and camaraderie.*
*U-understandable scouts to anybody*
*Willing to help dedicatedly*
*Even it cost them their life's glory*
*And trouble them pains and worry.*
*T-eaching everyone to be ready*
*Be alert and responsively*
*In times of disaster and tragedy*
*Participate actively and energetically.*
*I-ts the spirit of greatness and humility*
*So we must follow Christ religiously*
*In nurturing peace and world harmony*
*Through good deeds respectively.*
*N-atural way of building equality among nations in spite of poverty*
*With the spirit of brotherhood and equity*
*Of sharing one's insights successfully.*
*G-ive authentic sympathy*
*To build a powerful harmony*
*Among scouts of every country*
*With the true essence of congeniality.*

## Duave: Simple thank you is enough

by Rachel Panes/ Marielle Castrence and John Spencer Arlega

"It's always a joy to hear words of thanks from strangers," Mrs. Lina D. Duave, Master Teacher II of Botolan North Integrated School, described how it has been to be a volunteer and host school for the preemptive evacuation, a measure undertaken to secure the safety of the scouts last Dec. 3.

Volunteers handed porridge with egg, pandesal and drinking water to scouts to make them feel at ease despite the worries brought by typhoon Tisoy.

In return, the delegates from the accommodated councils showed their appreciation by uttering words of thanks to everyone who helped them with their needs.

"Napakasaya sa pakiramdam na ganyan ang mga scouts natin, alam kong maliit na bagay pero para sa kanila, malaki na 'yon at nakakataba ng puso kaya sana lahat ganoon," Duave ended.

Resurgence of the past from page 1

it utilizes their strategies and body strength to overcome its obstacles.

"Sila kasi ang magiging halimbawa ng pagtangkilik nito sa mga schools nila kaya dapat sila mismo, alam nila," he still said, expressing another reason BSP included it in its activities, supporting every school's desire of making it known anew among youths with the Scouts' expected position as its leaders.

Coinciding the kadang-kadang which Devera assisted, other Scouts performed, holen, siato, trumpo, patintero, tug of war, sack race, palosebo, and others from which Filipinos before had been so much known.

"Maging coordinated," he challenged the scouts, since according to him it's not just a mere sport, but an activity that will develop them more not only as Scouts but most importantly as Filipinos who love more their origin.